Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-abay na Panang-ayon, Pananggi, at Pang-agam

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap at ang uri nito

Ikahon ang pang-abay sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ito ay **panang-ayon**, **pananggi**, o **pang-agam**. Salungguhitan ang salita na binibigyan ng turing ng pang-abay.

_____ 1. Hindi na ako sasama sa *field trip* natin.

_____ 2. Oo, masipag magtrabaho ang mga Filipino sa ibang bansa.

_____ 3. Baka mahuli tayo sa klase dahil sa bigat ng trapik sa EDSA.

_____ 4. Tiyak na matutuwa siya sa sorpresang inihanda mo!

_____ 5. Siguro sabik na sabik ka nang makita muli ang iyong pamilya.

_____ 6. Siguradong sa plaza gaganapin ang pagdiriwang ng Araw ni Bonifacio.

_____ 7. Wala akong magagawa kung iyan ang desisyon mo.

_____ 8. Pagod na yata ang bata dahil sa mahabang biyahe.

_____ 9. Walang dudang inaagaw ng Tsina ang teritoryo ng Pilipinas sa Dagat Timog Tsina.

_____ 10. Marahil araw-araw bumibisita ang binatang iyon.

_____ 11. Huwag tayo mag-isip ng masama tungkol sa ating kapwa.

_____ 12. Ayaw kong sumali sa awayan ninyo.

_____ 13. Talagang parating nauunahan ako ni Henry sa pila!

_____ 14. Sa dami ng trabaho, tila gagabihin tayo dito.

_____ 15. Walang makadadalo sa miting na itinakda natin.

© 2015 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pang-abay na Panang-ayon, Pananggi, at Pang-agam (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang pang-abay sa pangungusap at ang uri nito

Ikahon ang pang-abay sa bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung ito ay **panang-ayon**, **pananggi**, o **pang-agam**. Salungguhitan ang salita na binibigyan ng turing ng pang-abay.

pananggi 1. Hindi na ako sasama sa *field trip* natin.

panang-ayon 2. Oo, masipag magtrabaho ang mga Filipino sa ibang bansa.

pang-agam 3. Baka mahuli tayo sa klase dahil sa bigat ng trapik sa EDSA.

panang-ayon 4. Tiyak na matutuwa siya sa sorpresang inihanda mo!

pang-agam 5. Siguro sabik na sabik ka nang makita muli ang iyong pamilya.

panang-ayon 6. Siguradong sa plaza gaganapin ang pagdiriwang ng Araw ni Bonifacio.

pananggi 7. Wala akong magagawa kung iyan ang desisyon mo.

pang-agam 8. Pagod na yata ang bata dahil sa mahabang biyahe.

panang-ayon 9. Walang dudang inaagaw ng Tsina ang teritoryo ng Pilipinas sa Dagat Timog Tsina.

pang-agam 10. Marahil araw-araw bumibisita ang binatang iyon.

pananggi 11. Huwag tayo mag-isip ng masama tungkol sa ating kapwa.

pananggi 12. Ayaw kong sumali sa awayan ninyo.

panang-ayon 13. Talagang parating nauunahan ako ni Henry sa pila!

pang-agam 14. Sa dami ng trabaho, tila gagabihin tayo dito.

pananggi 15. Walang makadadalo sa miting na itinakda natin.

© 2015 Pia Noche